Republic of the Philippines
Province of Bulacan
City of Malolos

# OFFICE OF THE CITY MAYOR

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
06/03/2020
TIME 4:45 pm

June 3, 2020

**MS. CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
**SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**
**CITY OF MALOLOS, BULACAN**

Dear Ms. Gutierrez,

Attached hereto is a copy of the Kautusang Panlungsod Blg. 23-2020 which was received by the Office of the City Mayor on 22 May 2020.

Pursuant to the Local Government of 1991 particularly Section 54(b) of Republic Act No. 7160, an ordinance or resolution shall be deemed approved as if the City Mayor has signed it in the absence of a veto communicated by the City Mayor to the Sanggunian within 10 days from receipt of the ordinance or resolution. As such, the abovementioned issuance is deemed approved.

Thank you,

Very Truly Yours,

ATTY. LOUIE BELLE C. TAGULAO-CASTRO
Chief-of-Staff

2F City Government Building
Barangay Sto. Niño, City of Malolos 3000
Telephone No.: **(044) 796-2793**
Email: mayorbebonggatchalian@gmail.com

BAYANIHAN GENERATION

*"Tulungan po natin ang bayan na tulungan ang mamamayan."*

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-18 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 23-2020**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGMAMANDATO SA PAGLIPAT NG BAHAY PAMAHALAAN NG LUNGSOD NG MALOLOS BUHAT SA KASALUKUYANG LUNAN NITO PATUNGO SA "NEW CITY HALL" NA MATATAGPUAN SA 10 EKTARYANG LUPAIN NG LUNGSOD SAKOP NG BARANGAY BULIHAN, PAGTATALAGA AT PAGMAMANDATO NG PAGGAMIT SA LUMANG GUSALI BILANG CITY OF MALOLOS LEGISLATIVE BUILDING, PAGTATADHANA NG MGA POLISIYA UKOL DITO, PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO AT PARA SA IBANG LAYUNIN.**

**PANGUNAHING MAY-AKDA: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** batay sa tagubilin ng Seksyon 17 ng kaparehong kodigo na gampanin ng bawat Pamahalaang Lokal ang pagtataguyod ng mga pasilidad na kinakailangan para sa mas epektibo at episyenteng pagkakaloob o paghahandog ng serbisyo-publiko gaya ng bahay pamahalaan at iba pa;

**SAPAGKAT,** itinatagubilin ng Seksyon 11(b) ng Republic Act 7160 ang pangangailangang makapagpasa ng isang Kautusang Panlungsod o Ordinansa na nagpapahintulot sa pagbabago o paglipat ng Bahay Pamahalaan nito, matapos ang pagsasagawa ng isang pampublikong pagdinig at pagsang-ayon ng (2/3) ng kasapian ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang Bahay Pamahalaan ng Lungsod ng Malolos ay hindi na angkop sa lumalaking burokrasya ng lungsod at sa lumalaking populasyon nito at sa lumalaking bilang ng mga tanggapan nito na nagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa mga mamamayan nito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang kasalukuyang Bahay Pamahalaan ay may humigit kumulang 80 taon na o buhat ng ito'y maitatag noong 1940 at nangangailangan na ng mga pagsasaayos;

**SAPAGKAT,** batay sa 2015 census ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang Lungsod ng Malolos ay may humigit-kumulang na 252,000 mamamayan;

**SAPAGKAT,** batay sa tala ng City Human Resource and Management Office (CHRMO) ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay may kabuuang Burokrasyang 1,274 empleyado na binubuo ng 442 permanent employees, 415 casual at 417 job orders;

**SAPAGKAT,** taong 2012 ay pinasimulan ang limang (5) palapag na gusali ng noo'y Punong Lungsod - Kgg. Christian D. Natividad at sa kasalukuyan ay nasa 99% completion rate na matatagpuan sa 10 ektaryang lupain ng Lungsod sa Barangay Bulihan ng Lungsod na ito;

**SAPAGKAT,** ang bagong gusali ng Pamahalaang Panlungsod ay mas maluwag, mas malaki at mas angkop sa nagbabagong panahon at sa mga hamon ng paglilingkod lipunan;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagkakaloob ng dekalidad na serbisyo-publiko sa mga mamamayan nito;

**KUNG KAYA'T** sa mungkahi ni IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA na sinang-ayunan ng lahat ng may bisa ng isang batas ang:

**SEKSYON 1. – TITULO –** Ang Kautusang Panlungsod na ito ay kikilalanin bilang "NEW CITY HALL AND NEW LEGISLATIVE BUILDING ORDINANCE OF THE CITY OF MALOLOS"

**SEKSYON 2. – SAKOP –** Sakop ng mga tadhanain ng Kautusang Panlungsod na ito ang kabuuang burokrasya ng Pamahalaang Panlungsod (Ehekutibo at Lehislatibo) at lahat ng nasasakop ng teritoryong hurisdiksyunal ng Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. – TADHANAIN –** Pinapahintulutan at minamandato ng Kautusang Panlungsod na ito ang paglipat ng Bahay Pamahalaan ng Lungsod ng Malolos buhat sa kasalukuyang lunan nito patungo sa limang (5) palapag na bagong gusali nito sa sampung (10) ektaryang lupaing pagmamay-ari ng lungsod sa bisa ng Presidential Proclamation No. 597 na matatagpuan sa Barangay Bulihan.

Gayundin ang pagmamandato sa pagpapanatili sa paggamit ng Tatlong (3) Palapag na Gusali ng Pamahalaang Panlungsod bilang City of Malolos Legislative Building sa pangangasiwa at kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos gayundin ay ang pagtatalaga sa bahagi ng ikaapat na palapag ng Bagong Gusali bilang SP Annex (Administrative Function) sa pangangasiwa at kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod.

**SEKSYON 4. – TECHNICAL WORKING GROUP –** Itinatadhana ang pagbabalangkas ng TECHNICAL WORKING GROUP na bubuuin ng mga sumusunod:

1. CITY ADMINISTRATOR – Chairman
2. CITY ENGINEER – Co-Chairman
3. CITY ARCHITECT – SECRETARIAT
4. CITY GSO – MEMBER
5. CITY CPDO – MEMBER
6. CHAIRMAN - SP COMMITTEE – MEMBERS ON INFRASTRUCTURE
7. CHAIRMAN - SP COMMITTEE – MEMBERS ON APPROPRIATION & ACCOUNTS
8. (2) NON-GOVERNMENT ORGANIZATION REPRESENTATIVE

Gampanin ng Technical Working Group (TWG) ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng pag-aaral at rekomendasyon sa teknikal na aspeto ng nasabing gusali;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

2. Magbalangkas ng plano sa magiging pagsasaayos ng mga Tanggapan ng Pamahalaang Panlungsod;
3. Mag-imbentaryo ng mga kagamitan na gagamitin o kinakailangan ng mga tanggapan;
4. Magsumite sa mabunying Tanggapan ng Punong Lungsod at sa Tanggapan ng Sangguniang Panlungsod ng mga rekomendasyon para sa mas epektibong paglilipat ng Bahay Pamahalaan;

**SEKSYON 5. – PAGPUPULONG** – Ang bumubuo ng Technical Working Group (TWG) ay dapat magsagawa ng pagpupulong sa loob ng limang (5) araw buhat sa pagpapatibay ng Kautusang Panlungsod na ito ng walang karagdagang honorarium o allowance at sa loob ng sampung (10) araw buhat sa unang pagpupulong nito ay makapag-sumite ng rekomendasyon.

**SEKSYON 6. – GAMIT NG LUMANG GUSALI** – Ang lumang gusali ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos ay marapat na dumaan sa pagsasaayos at renobasyon at gagamitin nilang City of Malolos Legislative Building.

**SEKSYON 7. – PAGLALAAN NG PONDO** – Inaatasan ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng kautusang ito, at karagdagang Php20,000,000.00 para sa pagsasaayos ng lumang gusali maliban pa sa mga paglalaang nakapaloob sa 2020 Badyet.

**SEKSYON 8. – SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** – Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o anumang bahagi o probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 9. – KABISAAN** – Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas at sa sandaling magkaroon ng turn-over at acceptance ng Bagong Limang (5) Palapag na Gusali sa pagitan ng kontraktor at ng Punong Lungsod.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS S. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kautusang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

______________________
**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05182020